PINOPROTEKTAHAN NG BATAS SA PATAS NA PABAHAY ANG MGA PROVIDER NG PANGANGALAGA SA BATA

DFEH

DEPARTMENT OF FAIR EMPLOYMENT AND HOUSING • STATE OF CALIFORNIA •

DOKUMENTO NG

IPINAGBABAWAL NG BATAS NG CALIFORNIA SA MGA LANDLORD, ASOSASYON NG MGA MAY-ARI NG BAHAY (HOMEOWNER ASSOCIATION, HOA), AT IBA PA MULA SA PANDIDISKRIMINA LABAN SA ISANG TAO DAHIL NAGPAPATAKBO SIYA NG LISENSYADONG TAHANAN PARA SA PANGANGALAGA SA BATA.

10 BAGAY NA DAPAT MONG MALAMAN KUNG NAGPAPATAKBO KA NG LISENSYADONG TAHANAN PARA SA PAMPAMILYANG PANGANGALAGA SA BATA

1. Hindi maaaring tumanggi ang mga landlord na magpaupa sa iyo dahil magbubukas o nagpapatakbo ka ng lisensyadong tahanan para sa pampamilyang pangangalaga sa bata.[1] Hindi ka maaaring pigilan ng iyong landlord na mag-alaga ng hanggang 6 na bata kung may lisensya ka sa tahanan para sa maliit na pampamilyang pangangalaga sa bata o hanggang sa 12 bata kung may lisensya ka sa tahanan para sa malaking pampamilyang pangangalaga sa bata.[2]
2. Hindi maaaring taasan ng mga landlord ang upa dahil magpapatakbo ka ng lisensyadong tahanan para sa pampamilyang pangangalaga sa bata.[3]
3. Hindi ka maaaring patalsikin ng mga landlord dahil nagpapatakbo ka ng lisensyadong tahanan para sa pampamilyang pangangalaga sa bata.[4]
4. Hindi maaaring tumanggi ang mga HOA na bentahan ka ng tahanan dahil nagpapatakbo ka o plano mong magpatakbo ng lisensyadong tahanan para sa pampamilyang pangangalaga sa bata. Hindi rin maaaring pigilan ng mga HOA ang isang may-ari ng bahay mula sa pagpapaupa ng kanyang ari-arian dahil magpapatakbo ng lisensyadong tahanan para sa pampamilyang pangangalaga sa bata sa pag-aari.[5]
5. Ang mga HOA ay hindi maaaring ipagbawal, multahan, o limitahan ang paggamit ng iyong tahanan bilang lisensyadong pampamilyang pangangalaga sa bata o maglapat ng ibang tuntunin sa iyo dahil nagpapatakbo ka ng lisensyadong tahanan para sa pampamilyang pangangalaga sa bata.[6]
6. Kahit na dapat sumunod ang mga lisensyadong tahanan para sa pampamilyang pangangalaga sa bata sa mga kinakailangang nauugnay sa pananagutan, hindi maaaring iatas sa iyo ng mga landlord o HOA na bumili ka ng insurance sa pananagutan (liability insurance) dahil plano mong magpatakbo ng lisensyadong tahanan para sa pampamilyang pangangalaga sa bata sa pag-aari.[7]
7. Hindi maaaring kanselahin ng mga kompanya ng insurance ng mga homeowner ang patakaran (policy) ng landlord o ang patakaran ng provider ng pampamilyang pangangalaga sa bata dahil lamang nagpapatakbo ng lisensyadong pampamilyang pangangalga sa bata sa pag-aari.[8]
8. Dapat payagan ang mga lisensyadong maliit at malaking pampamilyang tahanan para sa pangangalaga sa bata sa alinmang kapitbahayang pangunahing binubuo ng mga residente. Ang lisensyadong pampamilyang tahananan para sa pangangalaga sa bata ay maaaring nasa:
    - Mga tahanan para sa isang pamilya
    - Mga apartment
    - Mga condominium
    - Mga townhome
    - Mga duplex
    - Lahat ng iba pang gusali para sa maraming pamilya.[9]
9. Dapat tratuhin ng mga lungsod at county ang mga lisensyadong maliit at malaking pampamilyang tahanan para sa pangangalaga sa bata gaya ng iba pang tahanan ng residente.[10] Halimbawa, hindi maaaring iatas ng mga lungsod at county ang zoning permit o lisensya ng negosyo para sa pagpapatakbo ng pampamilyang tahanan para sa pangangalaga sa bata.[11] Kung nakatira ka sa isang lugar na pinapayagan ang anumang uri ng tahanan ng residente, hindi maaaring gumawa ang lokal na pamahalaan ng mga espesyal na tuntunin na nalalapat lamang sa mga lisensyadong pampamilyang tahanan para sa pangangalaga sa bata.
10. Maaari kang maghain ng reklamo sa DFEH para sa anumang paglabag sa batas sa patas na pabahay.[12]

PARA MAGHAIN NG REKLAMO

Department of Fair Employment and Housing

dfeh.ca.gov / Walang Toll: 800.884.1684 / TTY: 800.700.2320

1 Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan §§ 1597.41(a)-(c) at (e).
2 Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan §§ 1597.465, 1596.78(b)-(c), at 1597.44 (ang mga tahanang may lisensya sa maliit na pampamilyang pangangalaga sa bata, mula sa Departamento sa Paglilisensya sa Pangangalaga sa Komunidad ng California (California Community Care Licensing Department) ay maaaring mag-alaga ng hanggang 6 na bata o hanggang sa 8 bata sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon; ang mga tahanang may lisensya sa malaking pampamilyang pangangalaga sa bata, mula sa Departamento sa Paglilisensya sa Pangangalaga sa Komunidad ng California, ay maaaring mag-alaga ng 12 bata o hanggang 14 na bata sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon).
3 Kodigo Sibil § 1942.5(d); Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan § 1597.41(e).
4 Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan §§ 1597.41(a)-(c); Kodigo Sibil § 1942.5(d).
5 Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan §§ 1597.41(a)-(c) at (e).
6 Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan §§ 1597.41(a)-(c) at (e).
7 Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan § 1597.531(a).
8 Kodigo sa Insurance §§ 676.1(a)-(b).
9 Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan §§ 1596.78(d), 1597.45(f).
10 Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan §§ 1597.40(a), 1597.45(a).
11 Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan §§ 1597.45(a)-(b).
12 Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan § 1597.41(e); Kodigo ng Pamahalaan § 12980 at ang mga sumusunod dito

Ang gabay na ito ay para sa pagbibigay ng impormasyon lamang, hindi ito nagpapatupad ng substantibong patakaran o mga karapatan, at hindi ito maituturing na legal na payo.

DFEH-H11P-TG / Disyembre 2021